

BANTAY BALITA

NEWS PUBLISHING SERVICES

YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPING BAYAN

ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTER

ISSN No. 2984-8563

bantaybalitanews59@gmail.com
taparaneliseo@gmail.com

VOLUME 3 NO. 16

10.00

JANUARY 13 - 19, 2025

Unchanged! Still no to impeachment

Executive Secretary Lucas Bersamin said that President Bongbong Marcos stand on the issue of impeaching Vice President Sara Duterte "remains unchanged" even if Chief Presidential Legal Counsel Juan Ponce Enrile questioned the implied logic of the Iglesia ni Cristo's "National Rally for Peace" that

See page 4



President Ferdinand 'Bongbong' Marcos, Jr.



Vice President Inday Sara Duterte

Ok sa Senado, 4-taon termino ng mga opisyal ng barangay

Inaprubahan na sa ikatlo at huling pagbasa ang Senate Bill (SB) 2816 na nagpapanukalang gawing apat na taon ang termino ng mga halal na opisyal ng barangay at ng Sangguniang Kabataan (SK).

Sinabi ni Sen. Bong Go, isa sa may-akda ng SB 2816, na kung magiging ganap na batas, maglilingkod ng apat (4) na taon ang ipaglilingkod ng mga mahahalal sa Barangay at SK elections sa Oktubre 2027, at gagawing tuwing 4 na taon ang regular na eleksiyong pambarangay.

"Extending their term allows them to maximize their contributions to youth development and nation-building," sabi ni Sen. Go na nagsusulong na pagtibayin ang panukalang Magna Carta for Barangay Officials.

Sa Magna Carta, itatadhana ang mahahalagang benepisyo at pribilehiyong dapat na maibigay sa mga opisyal ng barangay.

Nagpanukala rin si Go na ipasa ang inakdang SB 427 (Barangay Health Workers Compensation Act) na gagarantiya sa disentang sahod at iba pang benepisyo sa mga katuwang na kawani na naghahatid ng serbisyong medikal sa mga komunidad. /Venus M. Acosta

Maragondon ready to receive investors

"Anytime po, kami po ay handang-handa na tumanggap ng mga investor at mga turista upang makatulong sa pagpapaunlad ng aming bayan."

This was revealed to BantayBalita by Mayor Lawrence 'Umbe' Arca in a casual interview last week,

Arca said that the municipal government has outlined the policies and programs to further improve the economic growth of Maragondon.

"Bago nagtapos ang taon (2024), nagkaroon na kami ng mga miting, naglatag na kami ng mga plano, mga polisiya at programa upang maakit ang mga investor at turista sa aming bayan," said Mayor Arca.

He is inviting both local and foreign investors to invest in the municipality.

"Tara na po kayo sa amin, sa tulong po nyo, we will create good businesses para mapaanlad ang buhay at



Mayor Umbe Arca



VM Bernie Ilagan

kabuhayan ng mamamayan ng aming minamahal na Maragondon at ng buong Cavite," said Mayor Arcaé

During the last two years, Mayor Arca said that the municipal government is experiencing a steadfast in economic development.

"Nakahanda po kami na tanggapin ang mga nais mag-invest at labis naming ikagalalak kung magtitiwala kayo sa amin," Arca said.

He added that the municipal officials and employees are advised to serve well and efficiently the needs of businesses and the people of Maragondon.

The invitation to investors to invest in Maragondon was echoed by Vice Mayor Bernie Ilagan.

"Open na po kami na tumanggap ng inyong investment, handa po kaming tumulong sa inyo at makatuwang kayo sa paglikha ng negosyo at hanapbuhay sa aming mga kababayan," said VM Ilagan. /BB News Desk

Cavite PPO hosts Unity Walk, Peace Covenant Signing for safe 2025 midterm elections

Sundan sa pahina 4

Kailangan natin: Pam-bansang Kapayapaan



Bakit mahirap ang Pinoy?

AY, BUHAY

Pumalag ang Makati Business Club

MAKIKIRAN PO!

INC di laban sa impeachment: Rep. Marcoleta



Ang taumbayan ang kawawa kapag nagtalo-tao ang mga nasa pamahalaan, kapag nagulo ang bansa, ang mga tao ang kawawa!

Ito ang isa sa binigyang-diin ni Sagip Partylist Atty. Rodante 'Ka Dante' Marcoleta sa kanyang mensahe sa ginanap na "National Rally for Peace" ng Iglesia Ni Cristo (INC) noong Lunes, Enero 13, kaugnay ng pagsasampa ng tatlong reklamong e impeachment laban kay Vice President Sara 'Inday Sara' Duterte,

Tumayo, bilang aktibong kasapi ng INC, sinabi ni Ka Dante na magdudulot ng kaguluhan at pagkakahati-hati ng mga lider ng bansa at ng taumbayan ang nais ng mga kongresistang kapanalig ni Speaker Martin Romualdez na sibakin sa tungkulin si VP Inday Sara sa paraang impeachment.

Hindi kontra sa impeachment ang INC, wika ni Marcoleta, isa sa nangungunang kandidatong senador sa darating na May 12, 2025 midterm elections.

Sundan sa pahina 2

PH-China Understanding, Inc. inducts new officers, members see P.5

website: www.bantaybalita.com

facebook: Bantay Balita

INC di laban sa impeachment... mula sa p.1

Sumusuporta ang INC sa impeachment, sapagkat ito ang itinatadhanan ng Konstitusyon, wika ng kongresista.

Pero nilinaw niya na kung ang paraan ng pagsasagawa ng impeachment ay wala sa batas, at wala sa tuntunin, "ito na naman ay pagmumulan ng kaguluhan, pagmumulan na naman ng pagkakabaha-bahagi ng ating bansa," sabi ng batikang mambabatas.

Sa harap ng mahigit sa isang milyong sumaksi at nakibahagi sa peace rally sa Quirino Grandstand sa Rizal Park, Maynila na sinabayan ng iba pang katulad na pagtitipon sa maraming lalawigan sa Luzon, Visaya at Mindanao na bumilang din ng kung ilang milyon tao, binanggit ni Ka Dante ang mga paglabag sa batas ng ilang kapwa niya kongresista na nagharap ng kasong impeachment laban kay Inday Sara.

Aniya, malinaw na mapapansin na nakaraang s budget hearing sa Kamara noong 2024, pinagkaisahan

ang Bise-Presidente sa paulit-ulit na pag-usisa sa paratang na di-maayos na paggastos ng Office of the Vice President (OVP) ng pondo nito noong 2022 at 2023.

"Saan ka naman nakakita ng gano'ng direksyon? 2025 [budget] ang dapat pag-usapan, ang kanilang pilit na tinatanong ay paggasta niya (VP Sara) noong 2022 at 2023," he said.

Binatikos ni Ka Dante ang paraan sa mga pagdinig ng House Committee on Good Government and Public Accountability tungkol sa umano ay maling paggasta sa P612.5 milyong confidential funds (CFs) at pag0iimbetiga na tanging ang may mandato na gawin ito ay ang Commission on Audit (COA).

"Bakit naman isang opisina lang ang pinipilit niyong usisain? Hindi ba masyadong halata namang pamumulitika 'yan?' tanong ng mambabatas.

Wala nang sinusunod na tamang tuntunin at proseso ng batas ang mga kongresista sa pag-uusig kay Inday Sara,

sabi ni Marcoleta.

"Wala na pong rule of law...sapagkat hindi naman po talaga ang layunin ay gumawa ng batas kundi usigin ang taong gusto nilang usigin," aniya.

Sinabi pa ni Marcoleta na nakasuporta ang INC sa panawagan ni President Bongbong Marcos sa mga mambabataba itigill ang kasong impeachment laban sa Bise-Presidente.

"Kinatigan ng Iglesia Ni Cristo ang ang posisyon ng Pangulo na ang impeachment ay hindi makakapagdulot ng kabutihan sa buhay ng kahit isang Pilipino," sabi ni Ka Dante.

Aniya pa: "Hindi lamang ito pag-aaksaya sa oras ng pamahalaan kundi hadlang din sa pagreresolba sa marami at pangunahing problema ng bansa."

Sinusulat ito, wala pang opisyal na pahayag si Speaker Romualdez sa pahayag ni Marcoleta at sa naipakitang lakas ng pagkakaisa ng mga kasapi ng INC. /Janet W. Bilbao

Canada's free medical service program

May nagtanong sa akin: kumusta ba ang health care system sa Canada?

Sinagot ko ang katropa sa media, base sa karanasan ko rito noon bilang permanent resident dito sa Vancouver, BC.

Kahit hindi ka Canadian citizen, basta enrolled ka o card bearing member ng Medical Service Program (MSP) ka rito, totoo na halos zero o kahit isang dolyar, walang babayaran sa doktor, laboratoryo at iba pang examination at testing, operasyon, e.g. wala akong binayaran sa prostate surgical operation at pag-iimplant ng len sa sobrang labo ng mga mata ko, at ngayon sa patuloy pang gamutan ko sa cancer, chronic kidney disease at iba pang lab test.

May iba-ibang sistema ng free medical services sa mga provincial government ng Canada.

Ito ang napansin ko: lahat ng ospital dito ay karaniwang pinatatakbo ng tinatawag na "non profit societies."


Nakikipagkasundo ang mga provincial government sa mga practicing doctor -- na nakalista sa kani-kanilang asosasyon -- kung magkano ang doctor's professional fees sa bawat medical procedure na gagawin sa mga pasyente.

May nakatakdang sapat na bayad sa consultation, surgical operations at iba pang serbisyo.

Bawat pasyente ay may sariling family doctor, sa kaso ko, nang gusto kong ipagamot ang mga mata ko, ang doktor ko ay inirekomenda ako sa ophthalmologist, optometrist at sa mag-oopera sa akin -- lahat free.

Nang matuklasang may prostate cancer ako, ikinuha ako ng aking family doctor ng oncologist at ng surgeon na nag-opera sa akin, at ang mga gastos, gamot, iba pang serbisyo, libre at patuloy akong ginagamot at sinusuplayan ng gamot, iniksiyong Zoladex at iba pa, lahat, free.

Federal at ang provincial government ang nagbabayad sa lahat ng medical services na



Here n There

★ ELI TAPARAN II

tinatanggap ko.

Eto pa, hindi ka pwedeng tanggihan sa mga serbisyong kailangan mo, opo -- the provincial health insurance system doesn't get to deny you the services you need.

Basta sinabi ng (mga) doktor mo na kailangan mo ng lab test, operasyon, mga gamot at iba pa, obligado ang mga klinika, mga ospital at laboratoryo na ibigay iyon sa iyo nang libre.

Mga doktor at iba pang nasa medical services ay ibibigay ang lahat ng kailangan ng pasyente, at bahala na ang gobyerno na magbayad sa lahat ng nagastos at serbisyo.

May mga gamot din na may bayad, pero tinitiyak ng gobyerno na mabibili iyon sa mas murang halaga.

May price control ang gobyerno sa lahat ng uri ng gamot at mga gamit medikal na kailangan ng pasyente.

May mga exception, may bayad ang dental care, at iilang serbisyo na kaya naman ng bulsa ng pasyente.

Nun pa pandemic, mismong doktor ang tumatawag sa amin para sa iskedyul ng free Covid-19 vaccination at iba pang serbisyo, at may free pang allowance na ilang daang dolyar na ipadadala sa koreo at iniaabiso sa telepono o sa email. amg saya, ano po?

Biruan nga rito, kahit magdobleng manganak ng caesarian operation, free, hehehe.

E sa Pinas... alam na nyo kung gaano "kayganda" ng serbisyong medikal sa atin.

Ito ang karanasan ko rito, ewan ko sa iba, dear readers, at para sa inyong komento: taparaneliseo@gmail.com

PhilHealth launches new, expanded benefits

The Philippine Health Insurance Corp. (PhilHealth) on Friday, January 10 launched a set of new and expanded benefit packages that Filipinos can avail this year.

At the PhilHealth stakeholders' meeting in Pasig City, PhilHealth president and CEO Emmanuel Ledesma Jr. said that the state health insurer came out and published the necessary policy instruments or circulars for its new and enhanced packages.

The newly introduced and expanded packages are as follows: Ischemic Heart Disease-Acute Myocardial Infarction consists of four different packages: Percutaneous Coronary

Intervention (PCI) or coronary angioplasty at P524,000 from P30,300, increased by over 1,600%, Fibrinolysis at P133,500 from P30,290 or a 900% increase, Emergency Medical Services with Coordinated Referral and Interfacility Transfer at P21,900, and Cardiac Rehabilitation after PCI at P66,140.

Z Package for Peritoneal Dialysis (PD) now covers Continuous Ambulatory Peritoneal Dialysis (CAPD) for adults while CAPD and Automated Peritoneal Dialysis for pediatric patients. For adults, PD Z Benefits have been set at P389,640 and P510,140 depending on the



required PD solutions a patient requires per day.

The packages increased by up to 89% from the previous P270,000 per year. Meanwhile, PD Z Benefits for pediatric patients under the CAPD are set at P510,000 and P765,210 while coverage for APD ranges from P763,000 to P1.2 million.

PhilHealth also pays for exit site infection and peritonitis prevention care. These can be availed at any of the 51 accredited PD providers nationwide.

29 dayuhan, dinakma sa ilegal Pogo sa Silang

Cavite, Enero 15 -- Sa isang hindi na binanggit na resort sa Silang, ibinalita ng by the Presidential Anti-Organized Crime Commission (PAOCC) na 29 na dayuhan ang inaresto na nagsasagawa ng 'guerilla-type' Philippine Offshore Gaming Operator (Pogo).

Sa report ng PAOCC, mismong may-ari ng resort ang nagbigay ng

impormasyon sa ilegal na operasyon ng Pogo na nagbunga ng pagkadakip sa 23 Chinese national at 6 Myanmar national.

Sa ulat ng Bureau of Immigration (BI), ang pagkasakote sa ilegal na Pogo sa Silang ay kasunod ng pagsalakay sa Parañaque City na doon, mahigit sa 400 dayuhan ang huli sa akto na

may isinasagawang ilegal na Pogo.

Nabatid na ang matagumpay na pagkaaresto sa ilegal na Pogo sa Silang ay magkatuwang na isinagawa ng PAOCC, Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) mula Region 4-A, Immigration Fugitive Search Unit at ng Cavite Provincial Police Office. /Janet W. Bilbao

Imus Konsi Jelyn thankful as ELM's health is fine

"Praise God, nasa mabuting kalagayan na po ang kalusugan ni Cong. Emmanuel."

Ito ang ipinagpalamat ni Imus Councilor Jelyn L. Maliksi sa pagbuti ng kalusugan ng kanyang mister, si dating Imus Mayor Emmanuel L. Maliksi.

Sa kanyang Facebook post noong Linggo, Enero 12, pinasalamatan ni Konsehal Jelyn sa lahat ng nagpaabot ng panalangin at suporta sa maagang paglunas sa karamdaman ng dating alkalde.

Hinikayat ng konsehala ang madla na laging ingatan ang kalusugan, lalo na malamig ang panahon, at posibleng maging dahilan ng paghina ng katawan at pagkakasakit.

"Tandaan po natin na ngayong malamig ang panahon, mas nagiging prone tayo sa iba't ibang sakit, at kahit sino ay maaaring maapektuhan. Ingatan po natin ang ating kalusugan," paalaala ng konsehala.

Samantala, sa isang pang FB post, pinasalamatan ni Konsi



Kap. Robert Rey 'RR' Lacson

Jelyn ang pamunuan ng Federation of Imus Homeowners' Association, Inc. sa pagdalo at pakikisaya sa idinaos na Christmas Party sa EJ Playground sa Brgy. Malagasang 1-A

noong nakaraang taon.

Anang konsehala, ang pagtitipon ay patunay ng samahan at dedikasyon ng bawat HOA na isulong ang pagkakaisa at kaunlaran ng lungsod ng Imus.

Itinawid ni Konsi Jelyn ang pagtitiwala na ang Team Imus -- lokal na partido politikal sa siyudad -- ay lalo pang pa-iigtingin ang suporta sa magagandang layunin ng pederasyon ng HOA ng Imus.

Kandidatong kongresista si dating Mayor Emmanuel Maliksi, katiket si Kap. Robert Rey 'RR' Lacson na kandidatong alkalde ng siyudad ng Imus. / Liza Fe Bonete



Pumalag ang Makati Business Club

Pumalag na ang Makati Business Club sa inaprubahang badyet ng Kamara at Senado na pinirmahan ng ating Pangulong Bongbong Marcos.

Sabi ng MBC, ang badyet ng 2025 daw ay iniukol sa "pork barrel" at nagtutulak ng patronage politics.


Sila ay "more than disappointed" kasi hindi inilaang ang pera mga proyektong magbibigay ginhawa sa paglago ng ekonomya.

"Twisted" daw ang badyet na inilagay sa ayuda at mga proyektong kailangang idaan sa kamay ng mga politiko.

Wala pang pahayag si Sen. Pres. Chiz Escudero at Speaker Martin Romualdez sa pahayag ng MBC.

@@@

Kada election period at sa panahon ng kampanyahan, laging ang ipinapangako sa atin ng mga kandidato, lalo na



MAKIKIRAN PO!

★ **Janet W. BILBAO**

ang mga reekleksiyonista ay matapat tayong pagsisilbihan, at tutulong sila na itaas ang kalidad ng ating pamumuhay, at aalagaan nila ang ating kalusugan, bibigyan ng dekalidad na edukasyon ang ating mga kabataan, may maayos na trabaho ang Pilipino.

Alam na natin ang resulta ng mga pangakong iyon, matapos ang eleksiyon at manalo na ang mga nangakong kandidato.

Pero, hindi lahat ay

bigo sa kanilang mga ipinangako -- may mababanggit naman tayo na mga lokal at nasyonal na politiko na sinikap, patulong na nagsisikap na maibigay ang totoong serbisyo.

Dangan nga lamang, masalimuot ang sistema politika sa atin, at may mga batas o lakas ng impluwensiya na pilit na hinahadlangan ang progresonatin.

Patuloy ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin; hindi na sapat ang kahit P1000 kita arawan ng isang kawani -- na marami ay kumikita lamang ng P400 o higit pa rito sa isang araw na nakamamamatay na pagkayod sa trabaho.

Paano pa kaya ang mga walang trabaho, pero masasabing milagro, kasi aba, nakikita nating tambay, mas malalaki pa ang katawan kaysa masisipag magtrabaho, hahaha.

Kailangan... mula sa p.8

Kung ang paniniwala ng iba ay politikal iyon, iginagaling iyon ng INC pero ang sabihin na pakikialam sa politika ng bansa, at pagpanig sa isang politiko (VP Sara), mali po.

Malinaw ang sinabi ni Sagip Partylist Rep. Rodante Marcoleta -- na isang aktibong kasapi ng INC -- ang tinututulan ay ang lihis sa batas na paraan ng pagsasampa ng impeachment case laban sa bise presidente.

Sinasang-ayunan ng INC ang impeachment kasi iyon ay nakatadhana sa Konstitusyon na tanging paraan ng pag-aalis sa isang constitutional official sa tungkulin, tulad ng VP, Presidente, justices ng Supreme Court at ng COA, ng Ombudsman, ng Comelec at iba pa.

Pakibasa po ang frontpage news tungkol sa mga pahayag ni Rep. Marcoleta sa isyung ito.

Mali po na sabihing "nakikialam" ang INC sa kapangyarihan ng Kongreso sa i-impeach ang VP, mali po.

Kung gusto ng mga kongresista, sige, i-impeach nila si Inday Sara, e ano'ng pakialam ng INC.

Sa totoo, sinusortahan pa nga ang panawagan ni Pres. Bongong Marcos sa Kongreso na itigil na ang impeachment, ito ay sa dahilang mabubunga ng pagkakahati-hati at kaguluhan.

Kaya nga ang panawagan sa rally ay pagkakaisa, at pagnanais ng kapayapaan at ang unahin ng ating mga lider ng bansa ay bigyang pansin ang lumalalang problema ng kahirapan, korapsiyon at ang pagtatalo-talo na magpapagulo sa mamamayang Pilipino.

Naninindigan po ang INC sa "rule of law" at ang walang intensiyon ang peace rally na makialam sa mga

gawain ng gobyerno.

Nais lamang ng rally na iyon na magpahayag ng sentimiyemto, ng damdamin ng mamamayang Pilipino at ipalagana ang pagkakaisa, maitaguyod ang kapayapaan sa ating bansa.

Katunayan na damdaming ng mamamayang Pilipino ang nais ng rally, kahit hindi INC -- mga Katoliko, iba pang pananampalataya, mga Muslim ay sumali sa kaisahan na panawagan ng kapayapaan sa buong bansa.

May isa pang politiko na nagsabi na hindi dapat na pansinin ang pambansang peace rally ng INC, kasi minority lamang ito.

Opo, minority lamang po, kung iyon ang palagay ng politikong iyon, pero hindi niya maitatanggi, mahirap na mapantayan, manapa, kinaiingitan niya ang kaisahan ng INC na panininindigan sa doktrina at pagkilos na tulad sa iisang tao lamang.

Maitutulad ito sa waling tingting: kung iilan at hindi nakabigkis, mading mababali, pero kung magkakabigkis, mahigpit ang pagsasama-sama, ito ay nagiging malakas na kasangkapan sa pag-aalis ng dumi, ng basura.

Kung sa pagkakaisa ay malilinis natin ang mga dumi at basura sa ating lipunan at bansa, minorya man ang INC, tiyak na makatutulong ito sa paglilinis.

Latest report mula sa iba-ibang sources, umabot sa mahigit na 3 milyon ang lumahok sa peace rally sa buong bansa, at ilang milyon pa sa idinaos na gayunding panawagan ng INC para sa kapayapaan at pagkakaisa ng mga Pilipinong kasapi at di kasapi ng INC sa ibang bansa.

Para sa inyong komento: bantaybalita59@yahoo.com

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

HENRY E. CAOILE
Founder

DOMZ B. CAOILE
Publisher

ELI TAPARAN II
Editorial Consultant

ADELA R. ZAMORA
Special Projects Director

JANETH W. BILBAO
Circulation Manager

GENE T. TAN
Chief of Reporters

member Papi PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2, Lot 27, Camella Barcelona Phase 1,
Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: bantaybalitanews59@gmail.com / taparaneliseo@gmail.com
lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369
ISSN No. 2984-8563

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anumang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.



Cavite PPO hosts Unity Walk, Peace Covenant Signing for safe 2025 midterm elections

Camp BGen Pantaleon Garcia, Imus City, January 13, 2025 -- The Cavite Police Provincial Office (CPPO), under the leadership of acting Provincial Director Colonel Dwight E. Alegre, spearheaded a Unity Walk and Peace Covenant Signing aimed at ensuring a peaceful, secure, and orderly 2025 midterm elections.

The event commenced at 7:00 AM and was graced by notable participants, including representatives from the Commission on Elections (Comelec), Philippine National Police (PNP), the Department of the Interior and Local Government (DILG), Parish Pastoral Council for Responsible Voting (PPCRV), Kabataan Kontra Droga at Terorismo (KKDAT), and various church leaders.

Candidates for gubernatorial, vice gubernatorial, congressional, and provincial board positions also joined the event.

Key honorary guests included Atty. Mitzele Veron C. Morales-Castro, Provincial Election Supervisor IV; Engr. Danilo A. Nobleza, CESE, Provincial Director of DILG Cavite; Mike Canares, Lay Coordinator of PPCRV-Cavite; and Homer Mendoza, Assistant Schools Division Superintendent, among others.

In his welcome remarks, police Lt. Col. Willy B. Salazar, CPPO Deputy Director for Administration, said "the

event is a testament to our collective effort to uphold democracy."

Salazar said that the participation of the candidates in the occasion "underscores the importance of unity and mutual respect, regardless of political affiliation."

He added: "Today, we affirm that peace and integrity must be at the heart of the electoral process, serving as the foundation for voter trust and ensuring the sanctity of their choice."

CPPO chief, Col. Alegre emphasized the significance of the event, saying that the Unity Walk and Peace Covenant Signing will ensure safe, secure, accurate, free, and fair 2025 national and local elections.

"This occasion serves as a powerful reminder of the shared responsibility we carry as public servants, law enforcers, community leaders, and citizens in upholding the democratic ideals of our nation," said Alegre.

Provincial Election Supervisor Atty. Morales-Castro commended the PNP for organizing the event, particularly at the start of the election period.

She outlined the key timelines for the elections, noting that the election period began on January 12, 2025, and will run until June 11.

Campaign periods start February 11 – May 10 for national and partylist

candidates and March 28 – May 10 for local candidates.

Atty. Morales-Castro reminded candidates of their responsibilities: "Ang tanging pakiusap ko lamang sa aspirants at incumbent officials ay sundin natin ang panuntunan ng Comelec at ang Omnibus Election Code."

Among those who attended the event were Cavite Vice Governor

Shernan Jaro, gubernatorial candidate Gabriel Francisco D. Remulla, vice gubernatorial candidate Ramon Vicente A. Bautista, and district representative candidates Lani M. Revilla and Adrian Jay Advincula.

Also present were board member aspirants Arnel Cantimbuhan, Lloyd Jaro, Aldrin Anacan, Jasmin Bautista, Raymond Ambion, and other notable candidates.



Unchanged! Still no to impeachment... from p.1

supported Marcos' stance against removing Duterte through impeachment.

In a statement Thursday, Jan. 16, Bersamin said that while Enrile's thoughts may carry weight and are always valued, ...the President's stand on the issue concerned remains unchanged."

He pointed out that the President has always fostered a "culture of open ventilation of ideas" among the members of the Cabinet.

In his Facebook post on Wednesday night, Enrile asked Filipinos if they are prepared to "discard or sacrifice the rule of law for a person or a group of persons."

The centenarian Enrile, a former Senate President and defense

minister during the term of then President Ferdinand Marcos Sr., question the January 13 rally of the influential INC.

"There is a bigger question. Can the INC with all its members amend the Constitution or suspend any of its provisions? Are we prepared to discard or sacrifice the value of RULE OF LAW for a person or a group of persons?" he asked on his verified Facebook account.

Enrile explained that impeachment is "just a constitutional legal process" to remove an impeachable official "if there is a ground and evidence to support it," adding that the impeached official won't go to jail after being ousted./BB news Desk

PH-China Understanding, Inc. inducts new officers, members



The Association for Philippines-China Understanding Inc. (APCU) has inducted its new officers and members/associates during the association's Christmas Party on December 19, 2024 at the One Burgundy Plaza in Quezon City.

APCU Board Chairman Raul Lambino served as the inducting officer and speaker.

Former President and APCU Honorary Chairman Emeritus Gloria Macapagal-Arroyo attended the event.

In his welcome remarks, APCU President Sixto Benedicto reviewed the progress made by the association in building stronger and deeper Philippine-China relations and thanked everyone for their continued support and dedication.

Looking forward to



2025 and ahead, Benedicto said he believes that everyone will work together to continue to strengthen the friendship and cooperation between the Philippines and China.

During the event, special awards were presented to members who have made outstanding contributions to the association.

The awards were presented by Honorary Chairman Emeritus Glória Macapagal-Arroyo, Chairman Raul Lambino, and President Sixto Benedicto.

After the awards presentation, Lambino and Benedicto turned over the APCU Funds to the Tacloban Project Beneficiary headed by Aaron Caminong.

APCU held its 50th founding anniversary on February 26, 2024.

The association has made positive contributions to the care, promotion, and deepening of Philippines-China

relations, and has served as an important bridge for friendly exchanges and cooperation between the two countries.

The December event formally opened with an invocation led by APCU Treasurer General Fernando Pace, and was followed by the singing of the Philippine national anthem.

Vice Chairman Felix Guanzon delivered the closing remarks.

Director Mafee Cai and General Fernando Pace served as the masters of ceremonies.

Dinner was served after the ceremonies, followed by entertainment performances and raffle draw.

Bakit mahirap ang Pinoy?

Bakit sa loob ng 78 taon mula nang "palayain" tayo -- binigyan ng Independence ng US noong July 4, 1946, maraming Pinoy ang mahirap?

Ito ang tanong na hindi ko agad masagot kaya nagtanong ako sa ilang kaibigan at kakilala, at ito ang kanilang mga sagot.

Mga sagot na maaaring tanggapin natin na totoo o hindi gaanong totoo.

Sabi ni A: Marami kasi sa Pinoy, frustrated kasi, kahit may qualification sa trabaho, pag walang political o maimpluwensiyang backer, hirap na hirap magkatrabaho. Kaya sa frustration, tinamad nang mag-work, at mas piniling maging tambay, kasi may kamag-anak na masasandalan.

Sabi ni B: Kasi umaasa lang sa ayuda, at diskarte na wala sa lugar, at mas enjoy, mag-iinom, mag-videoke, mangarap mag-artista kasi yun ang nakikitang mabilis na paraan ng pagyaman.

Sabi ni C: In the Philippines, it's very hard to find a job, kahit Civil Service passer, college graduate, daming hinihinging documents, barangay clearance, police at NBI clearance, void IDs, birth certificate, PSA at reference na tao na magsasabi na matino ka at walang rekord na masama, e may police, NBI at



AY, BUHAY

★ Liza Fe BONETE

